



Mga update sa COVID-19: Muling nagbubukas ang bahay-hukuman ng Brampton sa Hulyo 6, hinabaan ang mga oras sa spray pad

BRAMPTON, ON (Hulyo 6, 2020) – Bilang bahagi ng plano sa muling pagbubukas at pagbangon ng Brampton, ang Provincial Offences Courthouse ng Brampton ay muling magbubukas sa Hulyo 6, at hahabaan ang mga oras sa spray pad.

Seryosong hinaharap ng Lungsod ang kalusugan at kaligtasan ng komunidad at isasagawa ang mga pangkaligtasang pamamaraan.

Bahay-hukuman

Ang Ontario Court of Justice Provincial Offences Court na makikita sa 5 Ray Lawson Boulevard ay muling magbubukas sa Hulyo 6.

Ang mga dadalo sa bahay-hukuman ay kailangang sumunod sa lahat ng nakapaskil na karatula at mga direksyon. Magkakaroon ng isang itinalagang one-way na pasukang pintuan, kung saan ang mga bisita ay babatiin ng isang security guard. Ipaparebyu sa mga bisita ang nakapaskil na mga tanong na pansariling pagsusuri kaugnay ng COVID-19 bago pumasok. Ibibigay ang hand sanitizer pagkapasok. Pagkatapos, ang mga bisita ay makakalapit sa Information Counter para sa tiket sa pila.

Kung ang pila ay umabot na sa kapasidad, sasabihan ang mga bisita na ibigay ang kanilang numero ng cell phone para makatanggap ng numero ng pila sa pamamagitan ng text. Pahihintayin sila sa labas hanggang makatanggap sila ng text na nagsasabi sa kanila na pumasok sa gusali. Ang mga marka ng sahig na may code na kulay ay gagabay sa mga bisita sa iba't ibang mga bahagi ng serbisyo sa gusali.

Ipinaalam sa inyo na ang lahat ng usapin sa Provincial Offences Act ay iaantala hanggang Setyembre 11, 2020. Ang isang kopya ng abiso ay makikita sa [website](#).ng Ontario Court of Justice.

Mga spray pad

Simula Hulyo 6, ang mga oras ng pagpapatakbo ng spray pad ay pinahaba, Ang mga spray pad sa Brampton ay magiging bukas na ngayon mula 9 AM hanggang 9 PM, kung pahihintulutan ng panahon, sa halip na 10 AM hanggang 8 PM. Bisitahin ang www.brampton.ca/recreation para sa isang talaan ng mga lokasyon ng spray pad.

Mga pangkaligtasang pamamaraan sa COVID-19

Hinihikayat ng Peel Public Health at ng Lungsod ng Brampton ang lahat na panatilihin ang paglayo mula sa iba. Tiyakin na isagawa ang mabuting kalinisan ng kamay sa pamamagitan ng paghugas sa inyong mga kamay gamit ang sabon at tubig nang hindi bababa sa 20 segundo, at gumamit ng alcohol-based hand sanitizer kapag nagbibiyaha. Takpan ng tisyu o ng inyong siko ang mga pag-ubo at pagbahing, at hugasan o i-sanitize ang inyong mga kamay pagkatapos.

Mangyaring huwag dumalo sa bahay-hukuman o sa mga spray pad kung hindi maganda ang inyong pakiramdam.

-30-

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca